
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3
## Kasarian ng Pangngalan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan– Modyul 3 Kasarian ng Pangngalan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Criselda T. Taduran

**Editor:** Laila C. Namoro, Jerickson D. Getizo

**Tagasuri** : Rechie O. Salcedo, Dinnah A. Bañares

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo, Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Nathan A. Bea, Jasmin S. Simata, Gladys Judd D. Perez

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3

## Kasarian ng Pangngalan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Kasarian ng Pangngalan

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa ___Filipino 4__ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa _kasarian ng Pangngalan

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Kumusta?

Ikaw ay nasa ikatlong modyul na ng pangngalan.

Kung sa nakaraang modyul ay naging mahalaga ang pagtukoy ng tiyak na ngalan ng noodles, shampoo o sardinas na dapat mong bilhin, sigurado akong higit na mahalagang malaman mo ang wastong katawagan para sa babae, lalaki at iba pa.

Siguradong matutuwa ka sa mga katawagang matutuklasan mo para sa tao, hayop at iba pa.

Sa araling ito ay lalo mong mapapalawak ang iyong kaalaman sa iba't ibang katawagan na tumutukoy sa tao, bagay, hayop, pook at pangyayari.

Halika, umpisahan na natin.

Inaaasahang makakamit mo sa modyul na ito ang kasanayang:

1. Nagagamit nang wasto ang kasarian ng pangngalan sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid; at

2. Nakasusulat ng talata tungkol sa sarili.



## *Subukin*

*Subuking gawin ito.*

**A. Panuto:** Piliin ang dapat gamiting pangngalan na bubuo sa diwa ng pangungusap. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Bibili kami ng blusang gagamitin ni_____ sa kanyang kaarawan.
   A. ate B. kuya C. tito D. lolo
2. Maglalaro ng basketbol ang _____ ko mamaya.
   A. bunso B. tito C. nanay D. lola
3. Dumating ang bago naming ______ sa aming paaralan. Siya ay magtuturo sa unang baitang.
   A. nanay B. prinsipal C. diyanitor D. guro
4. Hindi malaman ng mga tao kung lalaki o babae ang _____ anak ni Don Henry.
   A. bunsong B. lolo C. tiyo D. tiya
5. Ang nakasuot ng Barong Tagalog ay siyang ______ niya.
   A. nobya B. tiya C. nobyo D. tita

**B. Panuto:** Gamitin ang mga pangngalan sa loob ng kahon sa ibaba upang mabuo ang talata. Isulat ang sagot sa papel.

Mahilig akong mag-alaga ng hayop. Mayroon akong (6)________na nagbibigay sa akin ng itlog. Tinawag ako ni (7)_______ sabi niya, wala kaming ulam, kaya't ang mahal kong (8) ______ ay naging tinola. Mabuti na lang mayroon pa kong (9)______, na ibinigay ng maganda kong (10)_________.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **kapitbahay** | **inahin** | **manok** | **nanay** |
| **tinola** | **sisiw** | **kapitbahay** | |

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok. Alamin natin sa **pahina 12** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

9-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
6-8 tamang Sagot – MAGALING
3-5 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0-2 tamang sagot – KAYA MO YAN



| Aralin | Kasarian ng Pangngalan |
|---|---|

# Kasarian ng Pangngalan

## Balikan

*Magbalik-aral ka.*

Basahin ang tsart tungkol sa pangngalang **pantangi** at pangngalang **pambalana. Ibigay ang hinihingi sa patlang**:

| Pangungusap | Pantangi | Pambalana |
|---|---|---|
| Nakita ko ang mga frontliners sa ospital. | __________<br>___________ | frontliners<br>ospital. |
| Ipinasok ang ilang pasyente sa St. Vincent Hospital. | __________<br>*St. Vincent Hospital* | pasyente<br>_________ |
| Isa ang tiya ko sa nakaligtas na sakit na Covid-19 | ____________<br>*Covid-19* | *tiya*<br>____________ |

Sa mga pangngalang nasa pantangi at pambalana, matutukoy mo ba ang mga katawagang ginagamit sa lalaki, at babae? Kung ganoon, ipagpatuloy ang mga susunod na gawain

***Mga Tala para sa Guro***

Ipaalala sa mga batang gagamit nito na huwag gawing katatawanan ang pagtawag sa mga taong may kapansanan o ang mga taong iba ang oryentasyon sa kanilang kasarian. Huwag ring kalilimutan na ang walang kasarian sa pangngalan ay bumabanggit sa mga pangngalan na walang buhay.

## ***Tuklasin***

Basahin mo ang tula sa ibaba.

*Alin-alin ang mga pangngalang tumutukoy sa* **ngalan ng babae? lalaki?**

**Ang hindi mo tiyak?**

**walang kasarian**?

**Ang Aming Pamilya**

Masipag si ama
Mabait si ina
Matulungin si kuya
Si bunso naman ang nagpapasaya.

Si ate ang tagalaba
Ako naman ang tagaplantsa
Gawain sa bahay
Ginagawa naming nang sabay-sabay.

Pagtutulungan ay mahalaga
Pamilya magiging masaya
Kung lahat nagkakaisa
Lahat ay nakangiti sa tuwi-tuwina.



**Higit mo pang tutuklasin ang mga salitang tumutukoy sa kasarian ng** pangngalan. Tayo na!



## Suriin

Sa tulong ng tula, isulat mo sa tsart ang mga pangngalang nabanggit. Ilagay sa bilang 1, ang mga pangngalang tumutukoy sa ngalan ng lalaki, bilang 2 kung ito'y sa ngalan ng babae, bilang 3 kung di mo tiyak na babae o lalaki at sa bilang 4 kung ito'y walang kasarian. Kopyahin ang tsart at sagutin sa iyong notebook.

| **1** | **2** | **3** | **4** |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Sino-sino ang inilista mo sa bilang 1? *Ama, kuya*

Sino-sino ang inilista mo sa bilang 2? *Ate, ina*

May naisama ka ba sa bilang 3? *tagalaba, tagaplantsa pamilya*

Ano-ano ang inilista mo sa bilang 4? *bahay*

Ang ginawa nating pagtukoy sa mga ngalan ng tao, hayop, at bagay, kung ito'y panlalaki, pambabae, at di-tiyak - kung babae o lalaki at para sa walang kasarian ay tinatawag na **kasarian ng pangngalan.**

Maliban sa mga nailista mong ngalang pambabae at panlalaki, ano-ano pa ang katawagang ginagamit sa mga **lalaki? babae?**

***Ipagpatuloy mo ang iyong gawain...***



Magtanong sa iyong kakilala, kaibigan at kapamilya at Ilista mo sa tsart na mga katawagang ____sa inyong lugar.

pambabae at panlalaki

| Pambabae | Panlalaki |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

di-tiyak at walang kasarian

| Di-tiyak | Walang kasarian |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**Mahusay!** Nasagot mo ba ang mga tanong?



**Lagi mong tatandaan...**

Ang **Pangngalan** ay may kasarian. Maari itong pambabae, panlalaki, di- tiyak, walang kasarian.

**Pambabae** pangngalang tumutukoy sa babae.
Halimbawa: (ate, nanay, blusa, lola)

**Panlalaki** pangngalang tumutukoy sa lalaki.
Halimbawa (kuya, tatay, lolo, polo)

**Di-Tiyak** pangngalang maaaring tumukoy sa lalaki o babae.
(halimbawa guro, pulis, prinsipal, bata)

**Walang kasarian** pangalang tumutukoy sa mga bagay na walang kasarian.
Halimbawa (upuan, mesa, papel, lapis)

## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

A. Kilalanin ang nakaitim na letrang ginamit sa pagpapahayag. Sabihin kung **Pambabae, Panlalaki, Di-Tiyak, Walang Kasarian**

_______1. Matapang na **sundalo** ang tatay ko.

_______2. Isang **mananah**i ang kaibigan ko.

_______3. Tumawid sa ilog ang kaklase kong si **Nilo.**

_______4. Si **Tiya Concha** ay dumating kahapon.

_______5. Ang **bag** ay bago.

**B. Gamitin ang angkop na pangngalang nasa loob ng panaklong na bubuo sa diwa ng pangungusap**.

1. Pumunta kami ng (tiyo, lolo, kuya, tita) ko sa parlor upang magpagupit ng buhok.

2. Ang ganda ng bestidang nabili ko. Ibibigay ko ito kay (kuya, tiyo, nanay, lolo).

3. Mahilig maglagay ng ipit ang kapatid kong si (Billy, Willy, Lily, Kelly)

4. Ang kaklase ko ay mahilig magsuot ng palda. Siya ay isang (lalaki, babae, guro, kuya)

5. Pupunta kami sa ilog ng aking mga (kalaro, kaklase, kapatid, kaibigan) kasama si nanay.

**C. Panuto:** Punan nang tamang pangangalan ang talata tungkol sa iyong kaibigan. Gamitin ng mga pangngalang may iba't ibang kasarian. Pumili sa loob ng kahon.

| **Baon, kaibigan, Nicole, lapis, papel** |
| --- |

Ang Aking Kaibigan

Ako ay may _______. _______ ang kanyang pangalan. Siya ay napakabait. _______niya ay aming pinagsasaluhan. Kapag wala akong _______ at ______ ako'y kanyang pinapahiram. Talagang napakabait ng aking kaibigan.

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 12.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐





## *Isaisip*

Isiping mabuti…

Ang Pangngalan ay may kasarian. Maari itong pambabae, panlalaki, di- tiyak, walang kasarian.

Ito ay ginagamit sa pagsasalita sa sarili at sa ibang tao. Nagiging malinaw ang pagsasalita kung gumagamit nang wastong kasarian sa bawat pinag-uusapan.





## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng kasarian ng pangngalan, isagawa ang gawain sa ibaba.

**Panuto:** Gamitin ang angkop na pangngalan sa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng talata. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Maganda ang bagong 1. (**kotse, motorsiklo, dyip**) ng aming guro. Apat lamang ang sumasakay sa kanyang 2. (**sasakyan**, **paaralan, tahanan**). Tuwing uwian isinasakay niya ang aming 3. (**kaklase, kapatid, ina**) na dinadaanan ang kanilang 4. (**taniman, bahay, tulay**). Masayang-masaya ang aking mga kaklase dahil nalilibre sila sa pagbibitbit ng mabigat nilang 5. **(bola, bag, kahon**)

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa pahina 12.



## *Tayahin*

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit ng kasarian ng pangngalan?

**A. Piliin sa loob ng panaklong ang dapat na gagamiting pangngalan na bubuo sa diwa ng pahayag.**

1. Bumili kami ni (ate, nanay, bunso) ng gamit sa iskul. Siya ang nakatatanda kong kapatid.

2. Si kuya Poktoy ay (pinsan, kapatid, tito) ko. Anak siya ng kapatid ng tatay ko.

3. Dumating ang (tiya, tiyo, nanay) galing Maynila.Siya ay kapatid na babae ni tatay.

4. Ang (bayaw, bilas, tiya) ko ay masarap magluto. Siya ay asawa ng kapatid kong babae.

5. Gusto ni (kuya, ate, beybi) ng bola para maglaro ng basketbol.

**B. Gamitin ang mga pangngalan sa loob ng kahon na bubuo sa diwa ng usapan.**

| |
|---|
| bayani, security guard, kagamitan , kaklase, Bb. Reyes |

Nag-uusap ang magkaibigang Pedring at Minda tungkol sa kanilang isinagawang Field trip sa Filipino.

Pedring: Talagang tuwang-tuwa ako sa mga pinuntahan natin, (6) _______.

Minda: Alin ba doon? Ang museum ng mga (7) ______ o ang Wild Park?

Pedring: Mas nagustuhan ko ang museum. Ang babait ng mga (8) _______. Kahit hindi mapigilang magpakuha ng mga larawan ng iba nating kaklase, sinasaway lang nila nang mahinahon.

Minda: Oo nga. Nagalit na nga si (9) _____ sa mga pasaway nating kamag-aral.

Pedring: Mayroon palang mga (10) _______ pang natitira ang mga naging bayani sa ating bansa. Ang dami pala nilang naiambag sa ating bansa.

**Mahusay!** Batid kong alam mo na kung paanong gamitin ang kasarian ng pangngalan. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.

## *Karagdagang Gawain*

Para hindi mo makalimutan ang paggamit ng iba't ibang kasarian ng pangngalan, ipagpatuloy mo pa ang iyong pagsasanay.

A. Kilalanin ang kasarian ng pangngalang may salungguhit na ginamit sa loob ng pangungusap. Sabihin kung **pambabae, panlalaki, di tiyak, walang kasarian**. Gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap.

________ 1. Si Biba ay may bagong manika.
________ 2. Umakyat sa punong manga ang kuya.
________ 3. Magaling sa klase ang panganay kong anak.
________ 4. Gusto kong bumili ng bagong lapis.
________ 5. Nawala ang payong ko.

B. Sumulat ng talata tungkol sa iyong sarili. Gumamit ng iba't ibang kasarian ng pangngalan sa pagpapahayag.

**Malugod na pagbati!** Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

## *Susi sa Pagwawasto*

### Subukin

1. A
2. B
3. D
4. A
5. C
6. Mag-aaral
7. paaralan
8. silid-aralan
9. guro
10. klase

### Balikan

### Pagyamanin

A.

1. Di-tiyak
2. Di-tiyak
3. Panlalaki
4. Pambabae
5. Walang kasarian

B.

1. tita
2. nanay
3. Lily
4. babae
5. kapatid

C.1. kaibigan
2. Nicole
3. Baon
4. lapis
5. papel

### Isagawa

1. kotse
2. sasakyan
3. kaklase
4. bahay
5. bag

### Tayahin

1. ate
2. pinsan
3. tiya
4. bayaw
5.kuya
6. Minda
7. bayani
8. security guard
9. Bb. Reyes
10. kagamitan

### Karagdagang Gawain

A. 1. Pambabae

2. Panlalaki

3. Di-Tiyak

4. Walang kasarian

5. Walang kasarian

B. Guro ang magwawasto

## *Sanggunian*

Lalunio, L., Mindo, D. and Ril, F., 2000. *Hiyas Sa Wika 6.* 1st ed. Quezon City: LG&M Corporation, pp.30

Liwanag, L., 1999. *Landas Sa Wika.* 1st ed. Quezon City: Dane Publishing House Inc., pp.52-54,60-62,.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph